ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG ...IANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-3 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito O. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 056-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. JAIME GARVIDA, JR., TAGAPAMAHALA, MANILA ELECTRIC COMPANY, SANGAY NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAKAPAGLAGAY NG "CREW" O PANGKAT NG MGA TAUHAN NG INYONG TANGGAPAN NA TUTUGON KAHIT ANONG ORAS SA MGA DAGLIANG SULIRANIN NA MAY KINALAMAN SA SERBISYO SA KURYENTE SA BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, ang kuryente ay isa sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, ito'y ginagamit at kinokonsumo ng mga mamamayan sa araw at sa gabi;

SAPAGKA'T, ang pagdating ng mga suliranin o aberya sa kuryente lalo sa gabi ay malaking epekto sa ating mga mamamayan;

SAPAGKA'T, walang "crew" o pangkat ng mga tauhan ng inyong tanggapan sa bayang ito na agad ay matatawagan lalo na sa gabi para sa dagliang pagtugon sa mga suliraning dulot ng aberya sa kuryente;

SAPAGKA'T, malaking bilang ng mga mamamayan sa bayang ito ay nasesserbisyuhan ng Meralco, na isang kapital na bayan sa Lalawigan ng Laguna;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa kapakanang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Angelito O. Limjuco, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin sa Tanggapan ng MERALCO (Manila Electric Company) na makapaglagay ng "crew" o pangkat ng mga tauhan ng inyong tanggapan na tutugon kahit anong oras sa mga dagliang suliranin na may kinalaman sa inyong serbisyo sa bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at MERALCO, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN D
RECORDED
BY: ____
DATE ____ 3-13
STA. CRUZ, LAGUNA